# Yugto

*Joseph C. Eco, EdD*

Ang buhay nga ay napupuno , inaadya
Ng yugto ng ibinibida pa kung minsan .
Ngunit ang yugto, kailan ma'y maiiba
Sa hinaharap man at kasalukuyan.

At bawat paksa, ay kwentong tadhana
Na buong akala ay gawang tao,
Pala'y nakaukit ng 'di alintana
Ang konklusyon ay salik ng bawat yugto.

At mga pagtumba, at mga pagbangon,
Saksi sa karakter na iyong binuo,
Sugatan man ay matapang sa pagsulong.
Baon ang kwentong simbolo'y pagkatao.
Pagmasdan ang yugto.